

Pahayag para sa Press

IMPORMASYONG SENSITIBO SA MERKADO

Naka-embargo hanggang 0730 ICT (0030 UTC) 5 Mayo 2022

S&P Global ASEAN Manufacturing PMI™

Mabilis ang paglago ng sektor ng pagmamanupaktura sa ASEAN sa kabila ng mas malalakas na kundisyon ng demand

Mga pangunahing nalaman:

Pangalawang pinakamataas na naitala ang pagtaas ng ASEAN PMI

Mabilis ang paglago ng output at bagong order

Unang pagpapalawak sa dami ng lakas-manggagawa sa loob ng tatlong buwan

Nakolekta ang data noong 11-25 Abril

Lubos na gumanda ang mga kundisyon sa pagpapatakbo sa sektor ng pagmamanupaktura ng ASEAN noong Abril. Nakakuha ng momentum sa paglago ang sektor dahil pangalawang pinakamabilis ang rate ng pagpapalawak mula nang magsimula ang survey noong Hulyo 2012. Tumaas ang headline na PMI dahil sa mga pagtaas sa tatlo nitong sub-component – mga bagong order, output, at trabaho.

Ang headline na figure ay tumaas mula 51.7 noong Marso sa 52.8 noong Abril, na nagsenyales ng ikapitong magkakasanod na buwan ng pagbuti ng kalagayan ng sektor. Bukod pa rito, Abril ang unang buwan kung kailan nagrehistro ng paglago ang lahat ng pitong bansa sa ASEAN sa mga sektor ng pagmamanupaktura ng mga ito.

Ang mga nagmamanupaktura sa Singapore ay nagsenyales ng pinakamatinding muling pagbuti ng mga kundisyon sa pagpapatakbo noong Abril, kung saan tumaas ang headline na PMI sa 58.1. Ang bilis ng kabuuang pagpapalawak ang pinakamabilis sa pitong sinusubaybayang bansa at bumilis sa rate na bahagyang mas mabagal lang kaysa sa pinakamataas na naitala noong Pebrero.

Dahil ang mas maluwag na mga paghihigpit sa pandemya ay nagdulot ng mas mataas na aktibidad ng kliyente, nagtala ang sektor ng pagmamanupaktura sa Pilipinas ng pangatlong magkakasanod na pagtaas ng headline na PMI (54.3). Dagdag pa rito, pinakamalaki ang rate ng paglago sa halos apat at kalahating taon.

Samantala, ang Indonesia at Thailand ay parehong nagsenyales ng mga pinakakatamtamang pagbuti sa kalagayan ng mga kaukulang sektor ng pagmamanupaktura ng mga ito, kung saan nagrehistro ang mga PMI ng parehong bansa sa 51.9. Gumanda ang mga kundisyon sa pagmamanupaktura sa mga bansa sa ikawalo at ikaapat na magkakasanod na buwan, ayon sa pagkakasanod ng pagkakabanggit.

Sa ibang lugar, ang headline na PMI figure para sa Vietnam ay hindi nabago sa 51.7, na nagsenyales ng katamtamang pangkalahatang pagbuti sa kalagayan ng sektor. Samantala, ang mga nagmamanupaktura sa Malaysia ay nagsenyales ng pagbalik sa paglawak, kung saan tumaas sa 51.6 ang PMI nang mahigit sa neutral na markang 50.0.

S&P Global ASEAN Manufacturing PMI

sa, >50 = pag-unlad mula noong nakaraang buwan



Pinagkunan: S&P Global.

Sa pitong bansang ASEAN, ang Myanmar ang nagtala ng pinakamahirang kabuuang paglawak. Gayunpaman, ang PMI ay tumaas sa 50.4 at nagsenyales ng unang pagtaas sa mga kondisyon ng pagpapatakbo sa loob ng 20 buwan.

Bagama't magkakaiba ang mga hakbang ng pagpigil sa pandemya sa bawat bansa, binigyang-daan ng mas maluwag na mga paghihigpit ang paglakas ng demand at humantong ito sa mas mahusay na mga pagpapalawak sa output at mga bagong order. Bukod pa rito, ang mga pinakabagong pagtaas sa produksyon at mga bagong benta ay isa sa mga pinakamabilis na naitala, at pinakamatindi sa pangkalahatan.

Kasabay nito, dumami ang trabaho sa buong sektor ng pagmamanupaktura sa ASEAN sa pangalawang pagkakataon lang sa nakalipas na 35 buwan. Ang tumataas na demand at mas maraming bagong order, kasabay ng pagtaas ng hindi pa tapos na trabaho ay nagresulta sa pangalawang pinakamabilis na rate ng paggawa ng trabaho na naitala. Sa pitong kasaping bansa sa ASEAN region, ang Malaysia lang ang nagtala ng pagkaunti sa lakas-manggagawa noong Abril. Bagama't dumami ang mga backlog ng trabaho sa ikasampung buwang magkakasanod, ang rate ng pag-unlad ay ang pinakamabagal mula noong Hulyo 2021.

Ang mas matataas na antas ng produksyon ay nakaambag sa pampitong magkakasanod na buwanang pagtaas sa aktibidad ng pagbili sa mga nagmamanupaktura sa ASEAN. Ang kaukulang pana-panahong isinasaayos na index ay tumaas mula sa pang-anim na buwang mababa na naitala noong Marso at nagsenyales ng matinding pagtaas sa pagbili ng input. Sa kabila ng pagtaas sa pagbili ng input, bumagsak ang mga imbentaryo bago ang produksyon sa pangalawang magkasunod na buwan, kahit na kaunti lang.

PMI™

by S&P Global

Copyright © 2022 S&P Global

Pahayag para sa Press


Samantala, lumala ang performance ng vendor sa pangdalawampu't pitong magkakasunod na buwan noong Abril. Ang pinakabagong pagtaas sa mga average na lead time ay pinakamaganda sa pangkalahatan. Gayunpaman, bumagal ang paglala ng mga oras ng paghahatid mula sa nakaraang panahon ng survey sa pinakamabagal mula noong Nobyembre 2020.

Sa usapin ng presyo, ang mga nagmamanupaktura sa ASEAN ay patuloy na nagtala ng malaking pagtaas sa mga gastos sa input at mga presyo ng output. Bagama't bumaba ang mga rate ng inflation mula sa mga naitalang pagtaas na nakita noong Marso, ang mga nagpapabigat sa presyo ay nanatiling mataas habang patuloy ang mga kakulangan sa input, mas mataas na presyo ng gasolina at raw material, pandaigdigang inflation, at mga hamon sa panig ng supply. Ayon sa mga pahayag, ang bahagi ng pasanin sa gastos ay ibinahagi sa mga kliyente sa anyo ng mas matataas na presyo sa pagbebenta.

Panghuli, ang pangkalahatang saloobin tungkol sa pananaw sa susunod na 12 buwan para sa output ay nanatiling lubos na positibo sa lahat ng kumpanya ng pagmamanupaktura sa ASEAN noong Abril, kung saan mas malakas ang antas ng kumpiyansa kaysa sa average sa kasaysayan ng serye.

Manufacturing PMI

sa, >50 = pag-unlad mula noong nakaraang buwan



Pinagkunan: S&P Global.

Bilang komento sa data ng ASEAN Manufacturing PMI, sinabi ni Maryam Baluch na Ekonomista sa S&P Global na:

"Tumaas ang momentum ng paglago sa sektor ng pagmamanupaktura sa ASEAN noong Abril, samantalang ang pagtaas ng headline na PMI ay pangalawang pinakamataas na naitala. Sinuportahan ng mas malakas na demand ng kliyente ang mga pagtaas sa mga bagong order at output. Kasunod nito, tumaas ang employment nang halos pinakamataas na naitala, matapos ang paghina sa nakaraang dalawang panahon ng survey.

"Habang patuloy na bumabangon ang sektor ng pagmamanupaktura ng rehiyon mula sa mga kamakailang bugso ng mga impeksyon sa COVID-19, ang mga tuloy-tuloy na hamon sa supply-chain at pressure sa inflation ay inaasahang mananatiling mga hadlang sa pagpapalawak. Bukod pa rito, ang pagtindi ng kawalan ng katiyakan sa buong mundo, lalo na sa mga anyo ng pagdami ng mga kaso ng COVID-19 sa China pati na rin ang pagsalakay ng Russia sa Ukraine, ay maaaring magpalala sa mga kasalukuyang hadlang sa pag-unlad.

"Gayunpaman, nananatiling malakas ang kumpiyansa ng mga kumpanya tungkol sa pananaw sa susunod na 12 buwan para sa output."

-Wakas-

PMI™

by S&P Global

Pahayag para sa Press

Makipag-ugnayan

S&P Global

Maryam Baluch

Ekonomista

Telepono +44-13-4432-7213

Email: maryam.baluch@spglobal.com

Joanna Vickers

Mga Pakikipag-ugnayan ng Kumpanya

Telepono +44-207-260-2234

Email joanna.vickers@spglobal.com

Pamamaraan

Ang S&P Global ASEAN Manufacturing PMI™ ay kinakalap ng S&P Global mula sa mga tugon sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa mga panel ng mga manufacturer sa Indonesia, Malaysia, Myanmar, Pilipinas, Singapore, Thailand at Vietnam, na may kabuuang nasa 2,100 manufacturer. Ang mga bansang ito ay kumakatawan sa 98% ng ASEAN manufacturing value added*. Ang mga panel ay hinahati-hati ayon sa detalyadong sektor at laki ng lakas-paggawa ng kumpanya, batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokolekta ang mga tugon sa survey at sinasalamain nito ang direksyon ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat survey variable. Ang index ay ang kabuuan ng porsiyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsiyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang index ay maaaring maging 0 hanggang 100, at ang isang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay pangkalahatang pagbaba. Ang mga index ay ina-adjust ayon sa season. Ang mga ASEAN index ay kinakalkula sa pamamagitan ng sama-samang pagsusukat ng mga national index. Ang mga weight ng bansa ay kinakalkula ayon sa taunang manufacturing value added*.

Ang headline figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI). Ang PMI ay isang weighted average ng sumusunod na limang index: Mga Bagong Order (30%), Output (25%), Employment (20%), Delivery Times ng Mga Supplier (15%) at Mga Stock ng Pagbili (10%). Para sa pagkalkula ng PMI, ini-invert ang Index ng Delivery Times ng Mga Supplier nang sa gayon ay gumagalaw ito patungo sa isang katulad na direksyon kumpara sa ibang mga index.

Hindi nirerebisa ang batayang data ng survey pagkatapos ng publikasyon, ngunit maaaring paminsan-minsang irebisa ang mga pana-panahong salik ng pagsasaayos kung naaangkop, na makakaapekto naman sa serye ng data na pana-panahong isinasabayos.

Para sa dagdag na impormasyon sa pamamaraan ng PMI survey, makipag-ugnayan sa economics@ihsmarkit.com.

*Pinagkunan: World Bank World Development Indicators.

S&P Global (NYSE: SPGI)

Ang S&P Global ay nagbibigay ng mahalagang intelligence. Ibinibigay namin sa mga pamahalaan, negosyo at indibidwal ang tamang data, pagkadalubhasa at konektadong teknolohiya para makagawa sila ng mga desisyon nang may kumpiyansa. Mula sa pagtulong sa mga customer namin na matasa ang mga bagong investment hanggang sa paggabay sa kanila sa ESG at energy transition sa mga supply chain, gumagawa kami ng mga bagong oportunidad, nilulutas namin ang mga hamon at pinapabilis namin ang pag-unlad para sa buong mundo.

Palagi kaming kinukuha ng marami sa mga nangungunang organisasyon sa mundo para magbigay ng mga credit rating, mga benchmark, analytics at mga workflow solution sa pandaigdigang merkado ng kapital, commodity at sasakyan. Sa bawat isa sa mga inaalok namin, tinutulungan namin ang mga nangungunang organisasyon sa mundo na magplano para sa kinabukasan, ngayon.

Ang S&P Global ay isang nakarehistrong trademark ng S&P Global Ltd. at/o mga affiliate nito. Ang lahat ng iba pang kumpanya at pangalan ng produkto ay maaaring mga trademark ng mga may-ari ng mga ito © 2022 S&P Global Ltd. Nakalaan ang lahat ng karapatan. www.spglobal.com

Tungkol sa PMI

Available na ngayon ang Purchasing Managers' Index™ (PMI™) sa higit sa 40 bansa pati na rin sa mga pangunahing rehiyon gaya ng Eurozone. Ang mga survey sa negosyo na ito ay ang mga pinakasinasubaybayan sa mundo, na pinapaboran ng mga bangko sentral, pampinansyal na merkado at ng mga taong gumagawa ng mga pangnegosyong pagpapasya nang dahil sa kakayahan nitong magbigay ng napapanahon, tumpak at madalas ay natatanging mga indicator ng mga paggalaw sa ekonomiya. Upang matuto nang higit pa, pumunta sa <https://ihsmarkit.com/products/pmi.html>.

Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa S&P Global, mangyaring mag-email sa joanna.vickers@ihsmarkit.com. Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, mag-click [dito](#).

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data isinaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, IHS S&P Global at/o mga affiliate nito. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa S&P Global. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang S&P Global para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananatag ang S&P Global para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magreresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited at/o mga affiliate nito.

Ang Content na ito ay pina-publish ng S&P Global Market Intelligence at hindi ng S&P Global Ratings, na isang dibisyon ng S&P Global na hiwalay na mina-manage. Ang reproduksyon ng anumang impormasyon, data o materyales, kasama ang mga rating ("Content") sa anumang anyo ay ipinagbabawal maliban kung may paunang nakasulat na pahintulot ng nauugnay na panig. Ang naturang panig, at mga kaanib at supplier nito (mga "Content Provider") ay hindi naggagarantiya sa katumpakan, pagiging sapat, pagiging kumpleto, pagiging napapanahon o pagiging available ng anumang Content at hindi responsable ang mga ito para sa anumang mga pagkakamali o pagbubukod (pabaya man o hindi), anuman ang dahilan, o para sa mga resultang nakuha mula sa paggamit ng naturang Content. Hindi mananatag ang mga Content Provider para sa anumang danyos, gastusin, bayad sa abogado, o pagkalugi (kasama ang mga gastos dahil sa nawalang kita at oportunidad) na kaugnay ng paggamit ng naturang Content.

PMI™

by **S&P Global**